# Doctrinal Mastery: Assessment 1—Gabay sa Pag-aaral

MANWAL NG SEMINARY SA BAGONG TIPAN

## Isaulo ang reperensya at mahalagang parirala ng banal na kasulatan

Maging pamilyar sa mga doctrinal mastery scripture passage at mahahalagang parirala ng banal na kasulatan. Maaari mong i-download at gamitin ang Doctrinal Mastery mobile app upang matulungan kang magrebyu.

Mateo 5:14–16. "Paliwanagin ninyo nang gayon ang inyong ilaw sa harap ng mga tao."

Mateo 11:28–30. "Lumapit kayo sa akin, kayong lahat na nanlulupaypay at lubhang nabibigatan at kayo'y bibigyan ko ng kapahingahan."

Mateo 16:15–19. Sinabi ni Jesus, "Ibibigay ko sa iyo ang mga susi ng kaharian."

Mateo 22:36–39. "Ibigin mo ang Panginoon mong Diyos. … Ibigin mo ang iyong kapwa."

Lucas 2:10–12. "Sapagkat ipinanganak sa inyo ngayon sa lunsod ni David ang isang Tagapagligtas, na siya ang Cristo, ang Panginoon."

Lucas 22:19–20. Iniutos ni Jesucristo, tumanggap ng sakramento "sa pag-aalaala sa akin."

Lucas 24:36–39. "Sapagkat ang isang espiritu'y walang laman at mga buto, na gaya ng inyong nakikita na nasa akin."

Juan 3:5. "Malibang ang isang tao'y ipanganak ng tubig at ng Espiritu, hindi siya makakapasok sa kaharian ng Diyos."

Juan 3:16. "Sapagkat gayon na lamang ang pag-ibig ng Diyos sa sanlibutan na ibinigay niya ang kanyang tanging Anak."

Juan 7:17. "Kung ang sinuman ay nagnanais gumawa ng kalooban ng Diyos, ay makikilala niya … ang turo."

Juan 17:3. "At ito ang buhay na walang hanggan, na ikaw ay makilala nila na iisang Diyos na tunay, at si [Jesucristo]."

## Gamitin ang doktrina sa mga sitwasyon sa tunay na buhay

- Gumamit ng isa o mahigit pang doctrinal mastery scripture passage upang sagutin ang isang taong nagtatanong ng, "Ano ang itinuturo ng Bagong Tipan tungkol sa pagkakaroon ng personal na patotoo na ang doktrinang itinuturo sa Simbahan ay mula sa Diyos?"
- Kung ituturo mo sa isang tao ang pagmamahal ng Diyos para sa kanya, anong mga doctrinal mastery passage sa Bagong Tipan ang gagamitin mo? Paano mo gagamitin ang mga doctrinal mastery passage na ito upang maipaliwanag ang pagmamahal ng Diyos?

Maging handang ibahagi kung alin sa mga doctrinal mastery passage ang lubos na nakaimpluwensya sa iyo. Ano ang itinuturo sa iyo ng scripture passage na ito tungkol sa Ama sa Langit at kay Jesucristo?

## Mga Alituntunin ng Pagtatamo ng Espirituwal na Kaalaman

Rebyuhin ang mga talata 5–12 sa bahaging "Pagtatamo ng Espirituwal na Kaalaman" ng *Doctrinal Mastery Core Document* (2022).

ANG SIMBAHAN NI
JESUCRISTO
NG MGA BANAL
SA MGA HULING ARAW

© 2022 ng Intellectual Reserve, Inc. All rights reserved. Bersyon: 2/21. Pagsasalin ng *New Testament Doctrinal Mastery: Assessment 1—Study Guide*. Tagalog. PD60012661 893. Inilimbag sa Pilipinas.